# Pagtuklas ng mga Kaisipang Ekolohikal sa mga Piling Panitikang Pambata sa Pilipinas sa Wikang Filipino

Brandon Parrenas
*Imus National High School*
*De La Salle University - Manila*

**Abstract:** Martin (1993) declares that the essential cause of the present environmental crisis is due to the "disconnection" of humanity from the "soil" in which they live in. Heidtke (1993) suggests that one way to re-establish the lost connection of humanity to nature is for humanity to reassess their values; therefore, introducing the concept of "eco-values" which are insights or philosophies that encourage consciousness on the beauty and power of nature towards mankind. But where can we find these so-called "eco-values"? This is where the role of children's literature garner spotlight. Children's literature does not only serve as entertainment for the younger generation; children's literature can also be a medium to teach the younger generation of universal values that the author wanted to impart to his readers. Hence, through "close reading," the paper aims to discover and to elucidate the different ecological values or "eco-values" in selected Philippine children's literature which can serve as an agent to re-establish mankind's vanished connection with nature.

**Key Words:** panitikang pambata, kaisipang ekolohikal, krisis pangkalikasan

## I. Panimula: Panitikang Pambata tungo sa Pangkalikasang Layunin

Ang isyung pangkalikasan ay isa sa mga pinakamalaking dagok ng kasalukuyang panahon at ang pinaka-mahalagang tagpo na magbibigay-daan sa hinaharap ng tao. Ang isyung pangkalikasan ay isang problemang mas malalim ang pinag-ugatan. Hindi lamang ito nag-ugat sa iresponsableng pagtatapon ng basura, simpleng pagpuputol ng kahoy at permanenteng pagpapatag ng lupa. Ipinabatid ni White (2015) na ang isyung pangkalikasan na patuloy na nagbabanta sa hinaharap ng mga tao sa mundo ay umusbong dahil sa pagyakap nila sa mga maling paniniwala, pagtaguyod sa personal at pandaigdigang ekonomiya at pagkalimot sa mga kultural na kaugalian at pagpapahalaga. Binigyang-diin ng manunulat na isa sa sa mga nakalulungkot na dahilan ng pag-usbong ng isyung pangkalikasan ay ang pagyakap sa paniniwala na ang kapakanan ng ating mundo ay puwedeng ipagkibit-balikat at ang kalikasang namumuhay dito ay puwedeng ipagsawalang bahala sapagkat ang tao ang pinuno ng lahat ng bagay sa mundo (White, 2015).

Makahulugang idinagdag ni Shepherd (2015) na ang dogma ni Saint Aquinas ay isa rin mapatingkad sa imahe ng tao bilang natatangi sa lahat ng nilalang at siyang may karapatan dito. Ang "man-centered" na pilosopiyang ito ay isa sa pinag-ugatan ng paghihiwalay ng tao sa kalikasan – na ang kalikasan ay para lamang sa walang-hanggang paggamit ng tao. Para kay Shepherd (2015), ang kasalukuyang mga tao ay imiikot lamang sa personal na ekonomiya. Ang mga tao, sa paglipas ng panahon, ay labis nang ginagamit ang kalikasan sapagkat ito ay ang pinagmulan ng mga kayamanang tutustos sa kanilang pangangailangan. Ang ganitong uri ng kabihasnan ay nag-bunga ng mga taong may mas mataas na pagpapahalaga sa kanilang pansariling interes tulad ng bahay, pera, trabaho, sasakyan at mga makabagong teknolohiya ang importante sa kanila. Maaaring ang mga ito ay kailangan sa "pang-araw-araw na buhay," ngunit mapagtatanto rin na ang mga ito ay hindi makabuluhan sa "pang-araw-araw na pagkatao."

Ayon naman kay Bate (2015), dahil sa kapitalistang tradisyong ginawa ng kabihasnan, ang mga tao "have been reduced to mere consumers who encapsulated themselves with these man-made things." Dahil sa mga ganitong pangyayari, nakalimutan na ng tao ang mundo sa kanyang

paligid. Dahil sa pagpapahalaga sa mga maling bagay, naputol na ang ugnayan ng tao sa kalikasan. Ang pagkalimot sa kultural na pag-uugali at pagpapahalaga sa kalikasan ang nagbukas ng mga isyung pangkalikasan. Sa isang sanaysay na may pamagat na "The Joining of the Human, Earth and Spirit," ipinaliwanag ni Martin (1993, p. 8) na:

*"The essential cause of our present world crisis is that we (humans) do not feel at home… we feel different… like souls from another realm who are just passing through an alien and unfriendly land. Because of our efforts to protect ourselves, we have separated from the rest of this world and the separation has translated into defensive arrogance that has resulted in the destruction of the nature."*

Mariing pinahayag ni Martin (1993) na ang tao ay nakararanas ng pang-daigdigang krisis sapagkat naiiba, kung hindi man ay napuputol, na ang kaniyang ugnayan sa lupang kaniyang ginagalawan. Dahil sa kagustuhan ng taong maprotektahan at matustusan ang kaniyang mga pangangailangan, ito ay nagresulta sa hindi inaasahang pagkakahiwalay niya sa mundo. Ang pagkakahiwalay na ito ang naging dahilan sa pang-aabuso sa kalikasan. Ang argumentong ito ay sinang-ayunan ni Lipietz (1995) at ipinahayag na ang silbi ng kalikasan sa tao ay napakalaki na at hindi mabilang, ngunit ang silbi nito ay hindi rin magtatagal. Nakalimot na ang sangkatauhan sa kanilang pinagmulan – ang kanilang mabuting pag-uugali at pangkalahatang pagpapahalaga na humahantong sa pagbabale-wala ng mga tao sa ating kalikasan. Para kay Lipietz (1995), ang ganitong sitwasyon ay hindi dapat manatili o matagal dahil umaabot na sa kritikal na punto ng pagkasira ang kalikasan at umaabot narin sa kritikal na punto ng pag-unawa ang tao. Nangangahulugan lamang nito na ang balintunay na pag-unawa ng tao ay magdudulot ng hindi matatawarang pagkasira ng kalikasan.

Kung kaya't sa libro na may pamagat na "Getting Down to Earth," ipinaliwanag ni Heidtke (1993, p. 69) na:

*"Before any action to help alleviate further environmental destruction can take effect – a reassessment of values must first take place. From thinking that the preservation of the economy is the most important thing, we must start realizing that it is the preservation of the earth's ecology that we should work towards."*

Binigyang-diin ni Heidtke (1993) na bago kumilos ang mga tao upang ibsan ang krisis sa kalikasan ay kailangan munang magkaroon ng "reassessment of values." Sinasabi ng manunulat na hindi ang pagpapaunlad ng ekonomiya ay pinakamahalaga. Ang pinakamahalagang gampanin ng tao ay ang pagprotekta, pagpapaunlad at pagpapanatili ng kalikasan. Mula sa ganitong pananaw ay ipinakilala ang konsepto ng "eco-values" upang maging punto-simula ng bagong sanggunian ng tao. Ang mga "eco-values" ay mga pagpapahalaga o kaisipang ekolohikal na naglalayong itaguyod ang kamalayan ng tao sa kagandahan at kapangyarihan ng kalikasan o mga *"insights that will help regain our connection with the earth and make us realize that we have a stake in the planet's future*" (Heidtke, 1993, p. 185). Idinagdag pa ng manunulat na ang mga "nature-oriented" na pagpapahalang ito ay gumagabay sa tao upang matanto ang kabuluhan ng kalikasan. Ang mga "eco-values" ay may espirituwal na kapangyarihang nakapaglalapit sa mga tao sa kanilang Maykapal at nakapagtatanto sa kanila ng mabuting tungkulin sa likha ng Maykapal.

Malinaw na ngayon ang pangangailangan ng tao na magbuklod muli ng "connection" sa kalikasan. Ang muling pag-uugnay na ito ang magiging simula upang magkaroon ng panibagong pagpapahalaga at respeto ang mga tao sa kapaligiran at kalikasang kinabibilangan nila. Mabuti itong proseso upang makita muli ng mga tao ang kanilang pinanggalingan – ang kalikasan. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalit-pananaw (un-learning) na ang mga tao ay "masters of nature" at muling pagkatuto at pagtuklas (re-learning and discovering) ng mga "eco-values." Ngunit, saan nga ba magsisimula at ano ang gagamitin ng tao sa muling pagkatuto at pagtuklas ng mga "eco-values"?

Isa sa mga natatanging sanggunian kung saan matutuklasan ang mga "eco-values" o kaisipang ekolohikal ay ang "folk literature" na kinabibilangan ng mga awitin at kwentong bayan, kasabihan, at mga mitolohiya na kinapapalooban ng mga sistema at paniniwala tungkol sa kalikasan. Ang pag-aaral na ginawa ni Jorolan-Quintero (2013) na may pamagat na "When Gods Cry: Exploring Environmental Crisis Through Literature Inspired by the Indigenous People's Experience" ay sumasaklaw sa makabuluhang ugnayan ng tao sa kalikasan sa pananaw ng mga katutubo mula sa Mindanao. Ipinaliwanag ni Jarolan-Quintero (2013, p. 613) na:

*"Tribes seek the wisdom of the ages, turn to spirituality and their myths and legends in seeking for explanations. To them, myths and legends are lessons. They ring with truths. For modern society, we refer to history in our quest to understand past events and history being a truthful proven narrative. Modern society views myths and legends as pseudo-scientific explanations of natural phenomena."*

Binigyang-diin ng manunulat na ang "folk literature" ay sadyang napakahalaga sa buhay ng mga katutubo dahil dito sila kumukuha ng mga aral na kanilang kailangan upang masolusyunan ang mga isyu na dumarating sa kanilang buhay tulad ng mga krisis pangkalikasan. Ngunit, hindi lamang aral ang nakukuha ng mga katutubo sa mga tekstong ito, ito rin ang nagpapaalala sa kanila na may diyos-diyosan ang kumokontrol sa kanilang buhay at sa kalikasan, kung kaya't:

*"Their relationship with their gods is essential to their lives. There is this reward-punishment bond between gods and humans, mostly, dependent on the moods and the pleasure of the gods. They could help humans, but also destroy them. Their benevolence could result to prosperity and comfort. Their anger could cause natural calamities such as floods and earthquakes and eventually death. To avoid these, humans must, therefore, be cautious in dealing with the gods. Pleasing the gods brings peace, prosperity, and contentment. But disrespecting them and causing them to be angry mean punishment, chaos, and death."* (Jarolan-Quintero, 2013, p. 613)

Kaugnay dito, mahalaga ring mabanggit ang pag-aaral ni Ticson (2010) na may pamagat na "Reconnection: Finding Ecological Insights in Philippine Creation Myths" na kinikilala ang antolohiyang isinulat ni Damiana Eugenio bilang salamin ng mga kaisipang ekolohikal na magbibigay solusyon sa lumalalang krisis pangkalikasan. Para kay Ticson (2010), ang krisis na kinahaharap ng mundo ngayon na may kaugnayan sa kalikasan ay bunga ng konsumerismo at maling pananaw ng tao sa kanyang sarili at sa kapaligiran. Dito iminungkahi ng manunulat ang kahalagahan ng pagbisitang muli sa mga "myths" na nakapaloob sa antolohiya ni Damiana Eugenio upang makakuha ng mga sistema ng paniniwala na magbibigay-daan upang maiwasto ang mga maling pananaw ng tao sa kanyang sarili at sa kapaligiran na nagdudulot ng pangmalawakang isyung pangkalikasan.

Ngunit, maliban sa mga "folklore" ng mga katutubo at "myths" mula sa antolohiya ni Damiana Eugenio, saan pa ba maaaring makakuha ng mga kaisipan, kaugalian, at pagpapahalagang may kaugnay sa kalikasan? Dito papasok ang makatwirang mungkahi ni Ross (1969) sa paggamit ng panitikang pambata upang ituro ang mga pang-daigdigang kaugalian, pagpapahalaga, pilosopiya at tradisyon sa lipunang ginagalawan. Sa kanyang sanaysay na may pamagat na "Literature and Philosophy," ipinahayag ni Ross (1969) na ang panitikang pambata ay hindi lamang nagsisilbing libangan ng mga kabataan, nagtataglay din ito ng mga ideya at katangiang gustong ipamahagi ng manunulat sa kanyang mambasa. Ito ay nangangahulugan na ang mga kwento at kasaysayan mula sa panitikang pambata ay kinapupulutan ng mga aral at kaisipan sa buhay na maaaring gamitin at pakinabangan ng mga mambabasa. At upang lubusang mabigyang-katwiran ang argumento ni Ross (1969), ipinahayag ni Campos (1989) na malaki ang pakinabang ng panitikang pambata lalo na ang mga panitikang naisulat sa Pilipinas sa pagmulat ng kamalayan. Wika ni Campos (1989, p. 2):

*"Children's stories make use of metaphors, description, allegories, and analogies to apply the abstract meaning of a Filipino value. It is considered as an effective mode for sharpening and shaping the mind for it explores values and give insights regarding family and friendship, humility, individuality, and the conservation of the environment."*

Mahalaga rin ang pahayag ni Alabado (1995) tungkol sa panitikang pambata at ang tungkulin nito sa kasalukuyang panahon. Sa kaniyang aklat na may pamagat na "Multimedia Multicultural Children's Literature in the Philippines: A Historical Perspective," ipinabatid ni Alabado (1995) na ang kabataan at ang kanilang panitikan ay dapat lamang bigyang-pansin dahil sa lubos nitong kapangyarihan - ang huhulma sa pag-iisip at damdamin na magtataguyod ng bayan sa hinaharap. Dahil dito, binigyang-diin ni Alabado (1995) na panahon na upang usisain ang panitikang pambata sa Pilipinas dahil ang mga kuwento at kasaysayang nakapaloob dito ay nagtataglay ng mga pilosopiya, aral, kaisipan at pagpapahalaga na may kaugnayan sa kalikasan at kapaligiran. Ang mga ito ang siyang bubuo sa "eco-values" na maaaring makatulong sa tao sa kaniyang mga kinahaharap na isyung pangkalikasan.

Ang mga argumentong nabanggit ang bubuo sa pangunahing suliranin ng pag-aaral - ano ang gampanin ng panitikang pambata sa Pilipinas

upang maibalik muli ang nawalang koneksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na naging ugat sa pag-usbong ng mga suliraning pangkalikasan. Mula sa ganitong suliranin ay uusbong ang dalawang pangunahing layunin ng pag-aaral. Una, ang layuning magbibigay-halaga sa panitikang pambata sa Pilipinas bilang instrumentong magbubuklod muli ng sangkatauhan sa kalikasan. Pangalawa, ang layuning mag-usisa sa mga taglay na pilosopiya, aral, kaisipan at pagpapahalaga ng panitikang pambata na magbibigay-daan upang mabuo ang mga "eco-values" na siyang gagamitin ng tao upang makatulong sa pagresolba ng mga isyung pangkalikasan.

Upang matuklasan ang mga natatagong "eco-values" na huhubog sa kamalayan at kaisipan ng tao para maitaguyod muli ang nawalang ugnayang naging sanhi ng krisis sa kapaligiran, ang sanaysay ay gagamit ng masusing pagbabasa o "close reading" ng mga panitikang pambata sa Pilipinas na isinulat sa wikang Filipino. Sa pamamagitan nito ay madarama natin ang "kuwenta ng mga kuwento" sa mga panitikang pambata sa kabuuan.

Hindi rin maipagkakaila na ang pananaliksik ay gagabayan ng mga argumento sa ilalim ng teoryang "eco-criticism" alinsunod sa siyensyang pang-ekolohiya. Dahil dito, nagkaruon ng makabuluhang pagpili ng mga panitikang pambata ang gagamitin at susuriin sa sanaysay na ito. Ang mga panitikang pambatang susuriin ay nakasentro sa mga paksang may kaugnayan sa kalikasan. Ngunit, ang kalikasan ay sadyang malawak kung kaya't ang mga panitikang pambatang susuriin lamang ay mga tekstong tumatalakay sa "ugnayang" ng tao sa kanyang kapaligiran. Ang "ugnayang" binabanggit dito ay nakasentro sa maling paniniwala ng tao tungkol sa kanyang kapaligiran at sa mga hindi kaaya-ayang karanasang dulot ng "ugnayang" ito tulad ng pagkasira ng kagubatan na nagdudulot ng kalamidad, polusyon, kakulangan sa pagkain, at kamatayan. Karamihan sa mga tekstong ginamit ito ay nanggaling sa Lampara Books, Adarna House at Chikiting Books ng Vibal Foundation. Mayroon ring panitikang pambata mula sa National Bookstore at University of the Philippines Press. Ang mga manunulat ng mga piling panitikang pambata ay kinabibilangan ng mga primera klaseng manunulat tulad nina Virgilio Almario, Edna Mae Landicho, Genaro Gojo Cruz, Rhandee Garlitos, Renny Ramos, at Catherine Yu Untalan.

Marapat liwanagin ang pundasyon upang masabi na ang mga piling panitikang pambata ay nasa lente ng "eco-values." Ang mga piling panitikang pambatang susuriin sa papel na ito nagpapakita ng tuwirang pagpapahalaga sa kalikasan at nagpapabatid sa mga mambabasa ng kapangyarihan ng kalikasan na direktang nakakaapekto sa buhay ng tao. Ang mga katangiang ito ang magiging batayan, hindi lamang sa pagpili at pagsusuri, ngunit pati na rin pagkamit ng mga layunin ng papel. Una, dahil ang isyung pangkalikasan ay nagmula sa "disconnection" ng tao sa kaniyang kapaligiran, ang pagbibigay halaga sa mga piling panitikang pambata sa Pilipinas bilang instrumento ng muling pag-uugnay ng tao at kalikasan ay isang pagpapatunay na ang panitikang pambata, tulad din ng mga klasikong panitikan at mga kanon, ay sadyang kapaki-pakinabang sa kasalukuyang lipunan pati na rin sa mga susunod na henerasyon. Pangalawa, ang pag-usisa at pagtuklas sa mga "eco-values" o kaisipang ekolohikal sa mga piling panitikang pambata sa Pilipinas ay magagamit ng kabataan sa kanilang pangkasalukuyang pamumuhay at madadala nila hanggang sa kanilang paglaki. Ang mga ito ay magiging susi upang malutas ang mga suliraning kinakaharap ng tao tungkol sa kapaligiran at kalikasan. Pangatlo, kung mabibigyang-puwang ang mga panitikang pambata sa Pilipinas kaugnay sa isyung pangkalikasan, ang sanaysay ay mahalaga sapagkat ang mga "eco-values" na naging bunga ng pagbabasa at pag-aaral ng mga panitikang pambata sa Pilipinas ay magbibigay-kaalaman tungkol sa tumitinding krisis pang-kalikasan at magtataguyod ng kamalayan sa mga tao tungkol sa kanilang tungkulin, pananagutan at gampanin para sa kalikasan. Panghuli, sadyang mahalaga ang sanaysay sapagkat nagbubukas ito ng bagong posibilidad ng kritisismo gamit ang panitikang pambata.

## II. Talakayan: Kaisipang Ekolohikal sa mga Piling Kwentong Pambata

Kung tutuusin ay hindi na bago sa ating pandinig ngunit kailangang buhayin muli ang mga natatanging kaisipang ekolohikal na tuwiran at di-tuwirang nakapaloob sa mga piling panitikang pambata. Magandang simulan ang surian at talakayan sa pagsasabing ang sangkatauhan ang sumira sa kalikasan. Ang walang habas na pang-aabusong ito ng tao sa kalikasan ay hindi lamang naitampok sa mga panitikang pambata sa Pilipinas, naitampok na rin ito sa mga dayuhang pambatang kuwento at palabas tulad ng Pocahontas, Jungle

Book at Wall-E. Sa Pilipinas, umiikot sa temang ito ang aklat pambatang may pamagat na "Bakawan" na isinulat ni Catherine Yu Untalan. Ang kuwentong "Bakawan" ay umikot sa pagkalimot ng tao na itapon ng maayos ang kaniyang basura dahil sa kaniyang walang pagsidlang pagsasaya at katamaran. Ang hindi mabilang na basura ng mga tao ay itinapon sa mga lugar malapit sa bakawan na naging sanhi ng pagkasugat at pagkalason ng mga nilalang tulad ng mga hayop at halaman sa kwento. Samantala, ang mga kwentong "Pag-uwi ni Olive Ridley" ni Rhandee Garlitos at "Bahay Buhay" ni Genaro Gojo Cruz ay nakasentro naman sa karagatan at ang hindi makatarungang paggamit dito ng tao. Binigyang-buhay ng dalawang manunulat ang epekto ng paggamit ng lambat at dinamita sa pagkasira ng bahura na siyang tirahan at pinagkukunan ng makakain ng mga nilalang sa karagatan. Isa ring halimbawa ng panitikang pambata na hayagang nagpakita ng pagwasak ng tao sa kalikasan ay ang "Noon Ngayon." Sa kuwentong ito, inilarawan ni Genaro Gojo Cruz ang kasindak-sindak na pagpuputol at pagsusunog ng mga punong-kahoy na nagiging sanhi ng pagkakalbo ng kagubatan.

Ngunit, ano ang pangunahing dahilan ng tao upang sirain ang kalikasan? Ito ba ay dahil lamang sa kaniyang pangangailangan? Hindi. Ang pagsira ng tao sa kalikasan ay hindi lamang dahil sa kanyang pansariling pangangailangan, ito rin ay dahil sa kanyang kinagisnang paniniwala. Paniniwala, hindi lamang pangangailangan, ang nag-udyok sa tao upang gamitin, at sa huli ay abusuhin, ang kalikasan. Wika nga ni White (2015), ang gawi ng tao sa kalikasan ay naka-ayon sa kung ano ang kaniyang paniniwala sa kanilang sarili kaugnay ng mga bagay sa kanyang kapaligiran. Idinagdag din ni Naess (2015, p. 58) na "*the complaint against shallow ecology is not that it is based on common human need, rather, on the incorrect philosophical or religious foundation.*" Mahalagang banggitin ang ang radikal na pilosopiya ng konseptong "homocentrism" na binigyang kulay ni Aristotle. Ang konseptong "homocentrism" ang humulma sa kaisipang ang tao at kalikasan ay dalawang malayo at magkaibang bagay. Ito ay nagbunga ng paniniwala na kumikilala sa "tao" bilang pinuno ng kalikasan (White, 2015). Dagdag pa rito, mahalaga ring bigyang-pansin ang sinabi ni Sheperd (2015, p. 28) sa kasaysayan ng tao kaugnay sa kanyang kapaligiran:

*"By gradual stages a loving and all-powerful God had created light and darkness, the heavenly bodies, the earth and all its plants, animals, birds, and fishes. Finally, God had created Adam and, as an afterthought, Eve to keep man from being lonely. Man named all the animals; thus, establishing his dominance over them. God planned all of this explicitly for man's benefit and rule. All items in the physical creation had the purpose to serve man's need. And, although man's body is made of clay, he is not simply part of nature. He is made in God's image."*

Ang pagkawagi at pagkalat ng pilosopiyang Kristiyanismo laban sa paganismo ay isang malawakang pagbabago sa kultura at paniniwala ng tao. Ayon kay White (2015), kung ang paganismo ay kumikilala sa mataas na antas ng kapaligiran sa buhay ng tao, ang pilosopiyang Kristiyanismo naman ang nagpatatag ng mataas na pagkilala ng tao sa kanyang sarili laban sa kalikasan. Ito ang nagpatingkad sa karapatan ng tao para gamitin, kung hindi man ay abusuhin, ang kalikasan. Ang lubos na karapatang ibinahagi ng ganitong paniniwala sa tao ang nag-udyok sa kanya sa pansariling kasakiman.

Ang karapatan at kapangyarihang ito ng tao sa kalikasan ay nabatid sa kuwentong "Pilandok: Ang Bantay ng Kalikasan" ni Virgilio Almario. Sa kuwentong ito ipinakita ang kasakiman ng mga tao. Dahil sa kasakiman, ipinag-utos ni Datu Usman sa kaniyang mga kawal na ipapatay si Pilandok, ang bantay ng kalikasan, na nagbawal sa pamumutol ng mga punongkahoy. Ngunit paano nagwagi si Piladok laban sa mga ito? Ginamit niya ang kasakimang taglay ng mga tao laban sa kanila. Una ay naloko ni Pilandok ang punong kawal na si Sabandar sa paniniwalang mahiwaga ang sinturon. Ngunit, ang sinturon pala ay isang makamandag na ahas na tumuklaw kay Sabandar. Ikalawa ay naloko ni Pilandok ang ikalawang punong kawal na si Somusun, kasama ang ibang mumunting kawal, sa paniniwalang may lalabas na diwata na tutupad ng kanilang mga kahilingan kapag pinalo ang malaking gong. Ngunit, ang malaking gong pala ay isang pukyutang puno ng pukyot na tumusok at nagpamaga sa katawan ni Somusum at mga kawal.

Malinaw din ang pagbibigay-pansin ng kasakiman ng tao sa kuwentong "Ang Tatlong Magkakapatid" ni Edna Mae Landicho. Sa bungad na bahagi palang ng kuwento ay naiparating na kaagad sa mambabasa ang talamak na panghuhuli ng mga usa. Sa kanilang panghuhuli ay natagpuan ng mga mangangaso ang isang kastilyong naharangan ng malaking punong-kahoy. Ipinag-utos ng hari sa buong kaharian ang pagputol sa punong-kahoy upang makuha ang kastilyo kapalit

ng malaking halaga. Dahil sa kinang ng pera ay agad tumalima sa utos ang mga mangangaso. Ngunit, hindi inaasahan ang kabiguang nagdala sa kanilang kaparusahan.

Ang maling paniniwala na itinadhana ang tao upang pamunuan ang kalikasan ay nakakabahala. Maliwanag na ang "anthropocentric" o "homocentric" na pilosopiyang naglalagay sa tao sa pedestal upang pamunuan ang kalikasan ay isang baluktot at naabusong paniniwala. Kung pahihintulutan ang pilosopiyang ito, kailangang pag-isipan ding mabuti ng tao ang kalakip na tungkulin sa kanyang nasasakupan. Malimit nangyayari sa panahon ngayon na ang maling paggamit o ang pang-aabuso sa kalikasan ay nagdudulot ng kapahamakan sa tao. Dito mapagtatanto ang konsepto na may dalawang anyo ang kalikasan. Una, ang kalikasan ay tagapagkalinga at tagapaghatid ng pangangailangan ng sangkatauhan. Pangalawa, ang kalikasan ay tila tagapaghusga na kumikitil at sumisira sa buhay ng tao sa pamamagitan ng pagdadala ng karahasan at delubyo.

Sa pambatang kuwentong "Sabado ng Umaga sa Hardin" ni Renny Ramos, ang kalikasan ay gumanap bilang kanlungan ng isang pamilya. Ang panimula ng kwento ay isang positibong paglalarawan sa kalikasan: "Tag-araw na at kahit kailan ay hindi naging kasingganda ang aming hardin ngayon. Ang lahat ng mga bulaklak ay ganap na namumukadkad. Napakaraming paruparo ang pumapagaspas sa buong paligid. Ang lahat ay kaaya-aya, kagaya ng mga palamuti sa buhok na isinusuot noon ng nanay ko." Sa kalagitnaan ng kuwento, inihalintulad ng pangunahing tauhan na isang batang babae ang kanyang ina sa kalikasan. Sa bandang huli, ang ina ay namatay at ang magagandang alaalang iniwan nito ay nakaugnay sa kalikasan: "Tinupad namin ang aming pangako kay nanay. Una naming inasikaso ang hardin. Sa sandaling ito, nakaupo kami ng aking tatay sa lilim ng punong-akasya na labis na naibigan ng aking nanay noong nabubuhay pa siya. Mabini ang ihip ng hangin at naririnig ko ang walislis ng mga dahon at bulaklak sa pangungubabaw ng gayuma nito. Sa aking pagpikit ay napangiti ako… Ang ihip ng hangin, taglay ang tawa ng aking nanay, ay kumakalansing na parang mga kampanilya sa sikat ng pang-umagang araw."

Kasalungat ng imahe naman ng kalikasan ang ginamit ni Genaro Gojo Cruz sa kanyang kuwentong may pamagat na "Bahay Buhay." Sa kuwento ay ipinakita ni Gojo Cruz ang kalikasan ay may taglay na lakas ng kasamaan ng kalikasan at ang panganib na dulot nito sa buhay ng tao. Wika ng pangunahing tauhan sa kuwento: "Pero ang aming bahay na akala ko ay matibay na, sa isang iglap ay giniba ng malaking alon at malakas na bagyo. Tinangay ng malakas ng hangin ang aming bubungan. Naging dambuhala ang mga alon sa karagatan. Pwede palang maging mabagsik ang dating maamong dagat." Sa kuwentong ito ipinahiwatig ni Gojo Cruz na ang dahilan ng pamiminsala ng kalikasan ay ang pang-aabuso ng tao rito na nabatid sa sinabi ng pangunahing tauhan: "Ngayon, naniningil na ang kalikasan. Kay haba ng tag-ulan at tag-araw. Anumang oras ay bumabaha sa siyudad man o sa lalawigan. Ang matinding init ng panahon ay sumisira sa mga taniman. Ang dating tinatanaw na magandang bundok ay tumabon sa maraming buhay at kabahayan. Ang buhay ng tao, ngayon ay walang kaligtasan."

Ang mga kuwentong nabanggit ay patunay na hindi lang puro kabutihan at kagandahan ang dala ng kalikasan sa buhay ng tao. Hindi lamang siya mapagbigay at mapagkalinga. Ang kalikasan din ay may dalang kalupitan. Ngunit, ang kalupitan ng kalikasan ay bunga ng kalupitan ng sangkatauhan. Ayon sa isa sa mga "Environmental Philosophies" ni Barry Commoner – "everything that exists on Earth is influenced by human activity and humanity is influenced by nature in return." Patuloy mang kinukubli o binabaluktot ng tao ang katotohanan sa kaniyang naging papel sa pagkasira ng kalikasan, hindi parin maiaalis ang katotohanang ang kalikasan ay patuloy na magbabago. Sa dulo ng mga pangyayaring ito ay may isang bagay lamang na sigurado - ang pagkasira ng kalikasan ay magiging kawalan sa tao, ngunit ang pagkasira ng tao ay hindi kailanman kawalan sa kalikasan – ito ay isang pakinabang pa.

## III. Paglalagom: Kahihinatnan ng Kalikasan sa Tulong ng Panitikang Pambata

Malaking salik ang pagbabasa sa paglinang ng kamalayan ng tao tungkol sa kaniyang sarili. Hindi lamang ito humuhubog ng kanilang kamalayang pansarili, ito rin ay humuhulma sa kamalayan niya sa maraming bagay na nakapaligid sa kanya. Kung kaya't mahalaga ang magkaroon ng pundasyon at makondisyon ang kahalagahan ng pagbabasa sa tao. Ang gabay ng mga magulang, guro at lipunan ay sadyang mahalaga rin dahil sila ang gagawa ng paraan upang maganyak ang tao sa

pagbabasa ng panitikan. Ngunit sa anong edad dapat simulan ang pagbabasa? Ang sagot ni Virgilio Almario dito – "mas mura, mas maganda." Para kay Almario (2010) ang konsepto ng tao sa kung ano ang "tama, mali, dapat at bawal" sa mga bagay na nakapaligid sa kaniya ay nabubuo na sa ikalawang taon. Makatutulong ang pagbabasa ng panitikang pambata upang lubusang makilala nang maaga ang mga konseptong ito. Kung kaya't, kung babalikan natin ang pahayag ni Campos (1989, p. 15), tumatalima sa katotohan ang kanyang kongklusyon ukol sa panitikang pambata:

*"Literature is an embodiment of ideas and positions represented in artistic form. Children's literature, then, is the fountainhead from which children may draw inspirations about themselves and enrich their knowledge of the world. It is with the ideas of the stories in children's literature that give them satisfying and worthwhile manifestations of personal realization and universal knowledge. Children's stories are entrenched with the outlook, conception and ideas about life and nature."*

Ang mga aral at kaisipang mapupulot sa mga panitikang pambata ay magpapamulat sa mga kabataan sa tunay na kahulugan ng kabutihan na madadala nila hanggang paglaki. Ang pambihirang kakayahang ito ng panitikang pambata ang nagtulak sa akin bilang manunulat ng sanaysay na ito na patunayan na ang panitikang pambata ay magagamit upang mabigyan ng kaalaman ang tao sa kanyang kapaligiran. Magagamit ang mga kaisipang nakapaloob sa mga panitikang pambata upang magkaroon ng kamalayan ang tao sa kanyang naging papel sa pagkasira at magiging papel sa muling pagbuhay at pagkalinga ng kalikasan.

Sadyang napakaraming kaisipang ekolohikal ang matatagpuan sa mga panitikang nailimbag na noon hanggang ngayon. Ngunit, pinili sa sanaysay na ito ang panitikang pambata sa paniniwala na ang mga kwentong tampok sa mga babasahing ito ay kinapapalooban ng mas makabuluhang kaisipang ekolohikal na may matatag na pundasyon sa kamalayang muwang at hindi nabahiran ng mapanlokong ideolohiya. Kung matatag na ang pundasyon ng mga kaisipang ekolohikal sa kamalayan ng mga kabataan ay mahirap na itong mabura sa kanilang alaala na siya ring huhubog sa kanilang kaalaman. Ang mga "eco-values" o kaisipang ekolohikal na ito ang siyang dadalhin ng kabataan sa kanilang pagtanda na magbubuklod sa mga tao tungo sa mga pangkalikasang layunin. At sa kanilang pagtanda, magagamit ng tao ang mga kaisipang ekolohikal na mabatid sa mga kwentong pambata upang "lubusang" makilala ang kanyang sarili at ang kanyang gampanin sa mundo. Sa pamamagitan ng mga kaisipang ekolohikal ay "lubusang" mababatid din ng tao na ang kalikasan na bumubuo sa mundo ay humaharap sa matinding krisis (binigyang empasis ang salitang "lubusang" sa pangungusap na ito upang sabihing batid nga ng tao ang krisis sa kalikasan, ngunit hindi pa "lubos" sapagkat wala o kulang pa ang kanilang ginagawa). Ngunit, ang dagok na ito ay hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon, ito rin ay suliraning mamamana ng mga susunod pa. Gayunpaman, may magagawa pa rin ang mga tao upang lutasin ito.

Karagdagan, ang mga kaisipang ekolohikal ay magsisilbing gabay upang maunawaan ng mga tao na sila ay hindi nakatataas na nilalang sa kalikasan. Tulad nga ng nabanggit, ang paniniwalang ito ng mga tao ang pangunahing dahilan kung bakit nawala ang ugnayan nila sa kalikasan na naging dahilan ng paglawak ng krisis sa mundo. Upang maisara na ang balintunay na paniniwalang ito ay iminungkahi ni White (2015) na dapat nang magkaroon ng pagbabago sa paniniwala ng mga tao. Kailangan nang humanap ang tao ng alternatibong paniniwala. Sinabi ni White (2015) na pwede nating balikan ang naburang kaisipang itinuro ni Saint Francis – ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng nilalang sa mundo. Ito ay posibleng maging "springboard" na magtuturo sa tao sa konkretong direksyon upang malutas ang problema sa kalikasan. Ang alternatibong kaisipang ito ay mapagkumbaba. Kung gayon, ang mga taong tatalima dito ay matututo ring magpakumbaba. Matututo rin ang mga tao na tanggapin na sila ay "parte lamang ng kalikasan" hindi ang "nagmamay-ari." Bilang "parte lamang ng kalikasan," matatanggap ng tao na siya ay may kaakibat na responsibilidad upang protektahan, paunlarin at panatilihin ang kalikasan. Tulad nga ng sinabi ni Cronon (2015, p. 699):

*"One of the most important environmental ethics is that people should always be conscious that they are part of the natural world, inextricably tied to the ecological systems that sustain their lives. Any way of looking at nature that encourages us to believe we are separate from nature is likely to reinforce environmentally irresponsible behaviour."*

Marapat lang na maitanim na sa kamalayan ng mga kabataan ang mga "eco-values" o kaisipang ekolohikal na nabatid ng pananaliksik gamit ang mga piling panitikang pambata ng Pilipinas sa wikang Filipino upang magbigay pag-

asa sa kasalukuyang henerasyon na ang sangkatauhan sa hinaharap ay makikibahagi sa pagkalinga at pagpapayaman ng kalikasan.

## MGA SANGGUNIAN

Alabado, C. (1998). *Multimedia Multicultural Children's Literature in the Philippines: A Historical Perspective.* Quezon, City, Philippines: New Day Publishers.

Almario, V. (2010). *Panitkang Pambata sa Filipinas: Mga Gunita, Tala, Puna's Pansin sa Kasaysayan.* Pasig City, Philippines: Anvil Publishing, Inc.

Bate, J. (2015). *The Economy of Nature.* From Eco-criticism: The Essential Reader. New York: Routledge. 2015.

Campos, R. R. (1989). *Patterns of Social Behavior Endorsed in Children Stories: A Socio-Pragmatic Approach.* Saint Louis Research Journal. Vol. 20.

Cronon, W. (2015). *The Trouble with Wilderness or Getting Back to the Wrong Nature.* From Eco-criticism: The Essential Reader. New York: Routledge.

Heidtke, J. (1993). *Getting Down to Earth: A Call to Environment Action.* New York: Paulist Press.

Lipietz, A. (1995). *Green Hopes: The Future of Political Ecology*. France: Polity Press.

Martin, D. (1993). *Joining the Human, Earth, and Spirit. Earth and Spirit: The Spiritual Dimension of the Environmental Crisis.* New York: The Continuum Publishing Company.

Naess, A. (2015). *The Deep Ecological Movement: Some Philosophical Aspects*. From Eco-criticism: The Essential Reader. New York: Routledge.

Quintero, G. (2013). *When Gods Cry: Exploring Environmental Crisis Through Literature Inspired by the Indigenous People's Experience.* Journal of Literature and Art Studies. 3. 10.17265/2159-5836/2013.10.002

Ross, S. (1969). *Literature and Philosophy.* New York: Appleton-Century-Crafts.

Sheperd, P. (2015). *Ecology and Man.* From Eco-criticism: The Essential Reader. New York: Routledge.

Ticzon, C. (2010). *Reconnection: Finding ecological insights in Philippine creation myths.* Retrieved from https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/2396

White, L. (2015). *The Historical Roots of Our Ecologic Crisis*. From Eco-criticism: The Essential Reader. New York: Routledge.